



Public Health
England




Tungkol sa bakuna laban sa coronavirus.

Ano ang dapat asahan pagkatapos mabakunahan



Ang bakuna laban sa coronavirus ay isang gamot na makakatulong upang mapanatiling ligtas ang mga tao mula sa coronavirus. Sinubukan ng mga siyentipiko ang mga bakuna upang matiyak na ligtas at epektibo ang mga ito.



Ang mga taong mas malamang na sumama nang labis ang pakiramdam mula sa coronavirus ang unang makakakuha ng bakuna. Kasama rito ang maraming taong may kapansanan sa pag-aaral at ang mga nabibilang sa pangkat na nasa peligro.



Kailangan mong makakuha ng dalawang dosis ng bakuna upang maging ligtas hangga't maaari. Kakapabakuna mo lang ng iyong unang dosis. Dapat mong tiyakin na pupunta ka sa iyong susunod na appointment upang ikaw ay protektado hangga't maaari mula sa coronavirus.



Matapos mong mabakunahan, maaaring maging masama ang pakiramdam mo sa sandaling panahon. Ito at tinatawag na pagkakaroon ng mga side effect. Karaniwang hindi magiging labis na masama ang pakiramdam mo mula sa mga side effect, at hindi lahat ay magkakaroon nito.



Ang pangunahing mga side effect ay:

pananakit ng katawan o parang may banayad na trangkaso




pagkapagod




pananakit ng ulo



maaaring maging mainit ang pakiramdam mo sa loob ng 1 o 2 araw



mabigat ang pakiramdam ng iyong braso o masakit kung saan ka ininiksyunan ng bakuna sa loob ng 1 o 2 araw



Kung nakakaranas ka ng mga side effect, maaari kang magpahinga at uminom ng paracetamol upang matulungan kang bumuti ang iyong pakiramdam.

Nakasaad sa pakete kung ilan ang dapat mong inumin.




Karaniwang tumatagal ang mga side effect nang mas mababa sa isang linggo. Kung sa palagay mo ay nagiging mas malubha ang kalagayan mo o nag-aalala ka, tawagan ang NHS 111. Tiyaking sabihin sa sinumang mga propesyonal sa kalusugan na makakausap mo na kakabakuna lang sa iyo laban sa coronavirus.

Matutulungan sila nitong mabigyan ka ng tamang pangangalaga. Kung maaari, ipakita sa kanila ang iyong card sa pagbabakuna laban sa coronavirus.



Kung nakakaranas ka ng mga side effect, kailangan mo pa ring magpaturok ng pangalawang dosis ng bakuna. Ang pagpapaturok ng pangalawang dosis ay magbibigay sa iyo ng pinakamahusay na proteksyon laban sa coronavirus.



Hindi ka makakakuha ng coronavirus galing sa bakuna ngunit posibleng makakuha ng coronavirus bago pa mabakunahan at hindi mo ito nalaman hanggang sa pagkatapos ng iyong appointment sa pagbabakuna.




Ang mga pangunahing palatandaan na maaaring mayroon ka ng coronavirus ay:

isang bagong ubo, at patuloy kang umuubo



mataas na temperatura



nawala ang iyong pang-amoy o panlasa o nagbago ang iyong pang-amoy o panlasa




Ngunit kung mayroon kang anumang iba pang mga palatandaan ng coronavirus, o mayroon kang mataas na temperatura nang higit sa 3 araw, manatili sa bahay at mag-book ng isang pag-test.



Maaari kang magpa-book ng pag-test sa pamamagitan ng pagtawag sa 119 o pagpunta sa website ng gobyerno

www.gov.uk/get-coronavirus-test



Pagkatapos magpabakuna, maaari mong gawin ang mga bagay na normal mong ginagawa kung sa tingin mo ay maayos ang pakiramdam mo. Kung sobrang sakit ng braso mo, maaaring mahirapan kang magbuhat ng mabibigat na mga bagay. Kung masama ang pakiramdam mo o tila labis na pagod, dapat kang magpahinga, at hindi ka dapat gumamit ng anumang mga makinarya o magmaneho.



Tandaan, gumawa ng plano sa pagpunta sa pangalawa mong appointment sa pagbabakuna.


Ang iyong susunod na appointment ay dapat na hanggang 12 linggo pagkatapos ng iyong unang pagpapabakuna.

Mahalagang magkaroon ng parehong dosis ng iisang bakuna upang mabigyan ka ng pinakamahusay na proteksyon laban sa coronavirus.



Kailangan mong kumuha ng record card sa una mong appointment - ito'y isang card na nagsasaad kung anong klase ng bakuna ang iyong nakuha, kung kailan mo nakuha ito, at kailan ang susunod mong appointment.

Ingatan mo ang iyong record card at siguraduhing pumunta sa ikalawa mong appointment.



Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam, mas mabuting maghintay hanggang sa magaling ka na bago pumunta sa iyong pangalawang appointment. Dapat mong subukang mapuntahan ang iyong pangalawang appointment sa lalong madaling panahon.

Hindi ka dapat pumunta sa iyong appointment sa pagpapabakuna kung nagbubukod ka ng sarili, naghihintay ng resulta ng pag-test sa coronavirus o kung hindi ka sigurado kung maayos ang pakiramdam mo.



Kung hindi ka makapunta sa iyong appointment, dapat mong tawagan ang lugar kung saan ka magpabakuna upang sabihin sa kanila na hindi ka makakapunta, at mag-book ng ibang appointment.



Dapat na maprotektahan ka ng bakuna laban sa coronavirus mula sa coronavirus, ngunit may maliit na tsansa pa rin na makuha mo ito. Kung nahawahan ka pa rin ng coronavirus, hindi dapat maging kasing-sama ang pakiramdam mo ng tulad ng kung hindi ka nabakunahan.



Hindi ka ganap na protektado kaagad mula sa coronavirus pagkatapos mong magpaturok ng unang dosis ng bakuna. Ang pagkakaroon ng parehong dosis ng bakuna ay magbibigay sa iyo ng pinakamahusay na proteksyon mula sa coronavirus.



Dapat mong ipagpatuloy ang pagsunod sa patnubay sa coronavirus kahit na nagpabakuna ka na. Kasama rito ang:

- Pagpapanatili ng ligtas na distansya mula sa ibang mga tao
- Paghuhugas ng iyong mga kamay nang madalas at mabuti
- Pagsusuot ng pantakip sa mukha kung maaari


Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa mga alituntunin sa

www.gov.uk/coronavirus




Hindi pa namin alam kung mapipigilan ka ng pagkakaroon ng bakuna na maipasa ang coronavirus sa ibang mga tao.

Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa coronavirus sa madaling basahin na gabay: 'Ang gabay sa iyong pagpapabakuna laban sa coronavirus' (<https://bit.ly/3asSK9Z>)



Maaari ka ring mag-ulat ng mga side effect nito sa coronavirus Yellow Card website (<https://coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk>) o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.

Ang website na ito ay hindi madaling basahin kaya baka gusto mong magpatulong sa ibang tao.



Mayroon ding higit na impormasyon sa www.NHS.UK



Bakuna, tumutulong na maprotektahan ang mga pinakamadaling magkasakit na tao.

© Crown copyright 2021. Product code COV2020307V2ERTGL Tagalog Public Health England Gateway number 2020685
1p 500 K (APS) PEB 2021. Maaari kang mag-order ng higit pa ng mga polyetong ito rito www.healthpublications.gov.uk